# 1

Dama ni Romano ang malakas na kabog sa kanyang dibdib. He was scared. But it wasn't fear of dying. It was all about fear of failing. Again. He and his team in the *National Bureau of Investigation* have been trying to pin down a drug ring for years. But those bastards always managed to elude them.

Maraming beses nang nabulilyaso ang sana ay matagumpay na pagsukol nila sa sindikato. Sa bawat operasyon na gagawin nila upang mahuli sa akto ng pakikipagnegosasyon ang mga leaders ng sindikato ay palaging nangyayaring natitimbrehan ng mga iyon na parating sila. Kapag nandoon na sila sa venue ng transaction, wala ni isang miyembro ng sindikato ang makikita roon. Nakatakas na pala ang mga ito.

Dahil sa sunud-sunod na pagkabigo ay nakaramdam na si Romano ng pagdududa. Kahit anong ingat nila sa bawat operasyon upang hindi mag-leak ang plano nila ay nakakalabas at nakakalabas pa rin iyon. Hindi niya gustong isiping may hudas sa kanilang departamento. Ngunit iyon lamang ang naiisip niyang dahilan kung bakit laging

palpak ang kanilang assignment.

He had a hunch. At hindi pa siya nagkamali sa kanyang kutob. His whole life revolved around his work as a police officer. And maybe because of it, he developed an extra keenness and extra sensitivity compared to his colleagues. Dahil doon kaya alam niyang may maling nangyayari sa tuwing magsasagawa sila ng drug bust operation.

He tried to deny it. He tried to forget about it. But the hard truth haunted him. Nakakaramdam siya ng labis na galit sa tuwing maiisip na posible ngang nanggagaling sa kanilang departamento ang leak kung kaya bawat operasyong gawin nila ay pumapalya.

At natatakot siyang ganoon na naman ang mangyari sa pagkakataong iyon. Hindi siya makakapayag na hindi na naman sila magtagumpay. He'd put all his efforts in this case. He wanted the syndicate down.

Two days ago, they finally got a reliable tip that they had acted on quickly. Ang pagbebenta ng droga ay magaganap sa isang lumang warehouse sa Laguna. Doon magkikita ang kliyente at ang drug dealers. Doble ang naging pag-iingat nila ng kanyang mga kasama dahil pare-pareho nilang hindi gustong

mabulilyasong muli ang mahalagang lakad nilang iyon.

The operation was a top secret. Only the officers directly involved were aware it was coming down. At si Romano ang tumatayong leader, an officer in command, sa operasyong iyon. He had been on the case for more than three years now. At napakahalaga niyon sa kanya.

And he couldn't afford to fail this time.

Nang malapit na sila sa lugar ay halos may iisang isip na inihanda nila ang kanilang mga armas. Tatlong sasakyan ang dala nila. Bawat sasakyan ay limang agents ang nakasakay. Bago pa man sila bumaba ng sasakyan ay nagsalita na siya sa earpiece na nakakabit sa tainga niya.

"Let's get those bastards, men," aniya pagkatapos ay nauna nang bumaba ng sasakyan hindi pa man iyon ganap na humihinto.

At sa pagkakataong iyon ay walang nakapagtimbre sa sindikato na parating sila. Nasaksihan nila ang pagpapalitan ng droga at pera.

"Freeze!"

Nabigla ang mga miyembro ng drug ring nang

marinig siyang sumigaw. Mabilis na pumasok sa loob ng warehouse ang kanyang mga kasamahan. Ganoonpaman ay nakita niyang tatlong lalaki ang tumakbo. Hindi tinamaan ang mga iyon ng balang sunud-sunod nilang pinaputok.

Wala siyang balak na basta na lamang hayaang makakawala ang mga iyon. Paliko na ang tatlo sa bahaging iyon ng warehouse nang tamaan niya ang pinakahuli sa mga iyon. Bumulagta iyon. Muli siyang tumakbo upang habulin pa ang dalawa.

“Freeze!” mariing sigaw ni Romano nang masukol ang isa pa. Huminto naman ito sa pagtakbo. “Taas ang mga kamay!” utos niya sa nakatalikod na lalaki. Parehong kupas ang maong pants at jacket ang suot nito.

Nakita niyang dahan-dahang itinaas ng lalaki ang mga kamay nito. Hawak ng isang kamay nito ang itim na attaché case. Alam niyang isa lamang iyon sa tatlong attaché cases na may lamang pera na nakita niya kanina. “Harap!” malakas na muling utos niya.

Nang unti-unti itong humarap ay ganoon na lamang ang kanyang pagkagulat at panlulumo.

“Romano,” bigkas nito sa kanyang pangalan.

"Damn it, Avel! What the hell are you doing here? Hindi ka kasama sa operasyong ito," aniya habang nakatutok pa rin ang kanyang baril dito.

"Hindi nga, Romano," anito. He saw defeat in the man's eyes. Defeat and sadness.

Doon niya natanto kung ano ang maaaring ginagawa roon ni Avel. He was the leak in their department! Ito ang traydor niyang kasamahan! Avel had been his partner when they were rookies. Ito rin ang pinagkakatiwalaan niyang kaibigan.

"It was you…" hindi pa rin makapaniwalang sabi niya. "Ikaw ang informer ng sindikato. Why?" madiing tanong niya.

Nakita niya ang pagkibit nito ng balikat. "I had to do what I had to do. Money is the greatest temptation of all."

Nakilala niya ito habang nasa training sila bilang pulis. Doon nagsimula ang kanilang pagkakaibigan. Kasabay niyon ay ipinagpatuloy niya ang pag-aaral ng Abogasya. Nang maka-graduate siya at maging abogado ay pumasok siya sa *NBI*. Nauna na roon si Avel. Mas mataas ang ranggo niya rito dahil na rin sa kanyang tinapos at sa mga successful assignments na pinangunahan niya.

"You son of a b*tch, you didn't have to do this!" puno ng galit at panlulumong turan niya.

Pakiramdam ni Romano ay bigla siyang nanghina. God, no… Not his good friend Avel! No… Dahil sa sandaling pagkalito ay nagulat siya nang gumalaw ito. Mabilis na naitaas nito ang kamay upang ituon sa kanya ang baril na hawak nito sa kabilang kamay. Kasabay niyon ay ang pagputok din ng kanyang baril. Tinamaan niya si Avel sa bandang dibdib.

Bago pa siya nakahuma ay nakarinig siya ng pagdaing sa kanyang likuran. Paglingon niya ay nakita niya ang nakabagsak na lalaki. Alam niyang iyon ang isa sa kasama ni Avel na hinahabol niya kanina. Si Bartolome Rodriguez, ang kanang-kamay ng pinakapinuno ng sindikato. May tama ito sa balikat. Nang muli nitong itaas ang kamay ay binaril niya ito sa kamay kung kaya tumalsik ang baril na hawak nito.

Then, he realized what just happened. Hindi intensyon ni Avel na barilin siya! He was aiming at the man behind him. Sa lalaking kasama nito sa sindikato. Kung hindi nito nabaril si Rodriguez ay siguradong napatay na siya niyon. Paglingon niyang muli sa kinatatayuan ni Avel ay wala na ito. Nakaalis

na ito. Doon naman dumating ang dalawang kasamahan niya.

"You okay, Sir?" anang isa sa mga iyon, si Gener Manzano.

Isang tango ang kanyang isinagot. Pinosasan ni Gener si Rodriguez. Nakaalis na sila sa lugar na iyon ay hindi pa rin lubos-maisip si Romano na si Avel pala ang hudas na matagal nang sumasabotahe sa mga lakad nila. Nang mapasakanila ang listahan ng mga miyembro ng sindikato ay kasama nga roon ang pangalan ni Avel.

Pagkaraan ng tatlong araw ay na-trace nila ang lalaki sa apartment nito. Ang apartment na iyon ay lihim sa kanya. Ngunit bago pa sila makarating doon ay naunahan na sila ng ilan pang miyembro ng sindikato na hindi pa nila nahuhuli. Napatay nila ang mga iyon habang naghihingalo naman si Avel nang lapitan niya. Ipinatong niya ang ulo nito sa kanyang hita.

"R-Roman…" anito sa hirap na hirap na tinig. "I was in deep sh*t, wasn't I?" Pinilit pa nitong ngumiti. "I hope you can find it in your heart to forgive this a*shole friend of yours. I'm weak… I wanted out, you know? For Harriet… My sweet Harriet… P-pare, alam kong hindi ko na siya makikita pang muli.

Please, don't tell her… Please, alagaan mo siya, dalawin mo siya para sa akin. Just to make sure she's okay. S-sayang at h-hindi ko na kailanman makikita pa ang aking anak… R-Roman… Roman, I….”

Bago pa nito matapos ang sasabihin ay nalagutan na ito ng hininga. Pinigilan niya ang mapaluha. Halos hindi siya makahinga sa labis na lungkot at panghihinayang.

Hindi man sila nagkakasama sa mga assignments nitong nagdaang mga taon ay nanatili silang magkaibigan ni Avel. Alam nilang kapag nasa panganib ang isa, iyong isa ang siyang magliligtas dito. Hindi ba't iyon ang ginawa ni Avel para sa kanya? Itinumba nito ang kasama nito sa sindikato nang makita nitong akma siya niyong babarilin.

*God, Avel, why did you have to do this? Why?*

Ngunit siya rin ang sumagot sa sarili niyang tanong. Money. Everything goes back to that cold truth. Maraming tao ang gagawin ang lahat para sa pera. At hindi naiiba si Avel sa mga taong iyon.

Money is always a big temptation. And he hated the fact that a lot of men… good men fell into that trap.

SA SILID NA IYON kung saan nagkakaharap ang mga salarin at mga bisita...

Nakangisi ang lalaking nasa harapan ni Romano. May malalim at malaking pilat ang kaliwang pisngi nito. Makapal at maitim ang mga labi nito. Despite his grand and flashy suits that he was used to wearing, Bartolome Rodriguez was particularly unattractive. Iyon ang dahilan kung bakit kilala ito at kinatatakutan sa mundo ng drug dealing.

Napatay ang boss nito at karamihan ng miyembro ng sindikato sa drug bust operation na pinamunuan ni Romano ilang buwan na ang nakakaraan. Ito lamang ang natira. Kilala ito sa tawag na 'Pilat.' He looked physically strong despite his previous injuries. He was meted a sentence of life imprisonment after a trial that ran for several months. Napag-alaman niyang ito ang nag-recruit at naghikayat kay Avel na sumama sa sindikato.

Based on his research, galing ito sa isang broken family. And he was a battered child. Nang umalis ang ama nito at sumama sa ibang babae ay nagpakamatay ang nanay nito. Nang mapunta ito sa kamay ng mga social workers ay napag-alamang hindi lamang ito physically abused kundi minolestya din ito ng sarili nitong ama. Nang mailipat sa bahay-

ampunan ay tumakas ito mula roon at namuhay na sa kalye mula noon.

And he became one of the notorious criminals in the country. Matagal na niya itong gustong mahuli. His cases came in all forms—rape, robbery, murder and drug dealing. Nalulusutan nito ang mga kasong iyon dahil malakas ang kapit nito. Ngunit ngayon ay patay na ang mastermind ng drug syndicate na kinakapitan nito. Wala na itong lusot.

Nakarating sa kanyang kaalaman ang kagustuhan nitong makausap siya. Hindi siya natatakot dito. The hateful man didn't deserve a trial. He didn't deserve to stay even in this place meant for criminals. Hell, he didn't deserve to live.

"Nandito na ako ngayon," walang emosyong sabi ni Romano. "Gusto mo raw akong makausap?"

Lumuwang ang ngisi sa mga labi ni Rodriguez. "Akala ninyo kung sino kayong mga pulis kayo. Akala ninyo kung sino kayong magaling at santo. Pero pare-pareho lang tayo, Beltran. Hindi nga lang lantad ang mga baho ninyo," pang-iinsulto nito sa kanya at sa katulad niyang police officers.

Mapaklang ngiti ang ibinigay niya rito. "Hindi ko alam na para ka palang bata kapag nasukol,

Rodriguez. Ngumangawa. Huwag mo kaming itulad sa 'yo. Malayo ka pa lang ay nangangamoy ka na. At mabubulok ka rito. Walang mangyayari sa kapangyarihan at perang ipinagyayabang mo. Hindi ka man namatay sa labas, ito ang magiging impiyerno mo."

While speaking he didn't lose his cool and temper. He wouldn't give the jerk that satisfaction.

"Isang malaking kahihiyan sa departamento ninyo si Perez," tukoy nito kay Avel. Muli ay isang nakakalokong ngiti ang ibinigay nito sa kanya. "Kaibigan mo siya, hindi ba? Kaibigan mo ang duwag at gagong iyon. Kung hindi dahil sa kagaguhan niya ay hindi kita kaharap ngayon, Beltran. Malamig ka na sanang bangkay at nagsisimula nang amagin sa lupa. Akalain mo bang may natitira pa palang kahunghangan ang gagong iyon?

"Iniligtas ka niya. Magkaibigan kayo. He was one of your own. Kaya naman hindi na nakalabas sa media at hindi na nalaman pa ng mga tao na kabilang siya sa sindikato. To protect you and your damn department. Hanggang sa huli ay pinrotektahan ninyo ang Perez na iyon para hindi kayo mabilad sa kahihiyan!"

Hindi maikakaila ang labis na galit sa mukha ni

Bartolome. Nanggagalaiti ito sa kaalamang naroon ito sa loob ng kulungan habang ang kasama nitong si Avel ay namatay nang hindi pa rin nadudungisan ang pangalan.

Hindi si Romano ang may desisyon na huwag nang ilabas pa ang katotohanang bahagi si Avel ng sindikato. Desisyon iyon ng mga mas nakatataas sa kanya. Pinalabas ng opisina nilang kasama si Avel sa mga opisyal na involved sa drug bust operation. That he died in the line of duty. That he was working undercover.

The department didn't want it known that one of the *NBI* agents was a drug dealer. Instead, Avel received a hero's funeral, twenty-one gun salute and all the trimmings. Romano knew it was unfair. But he couldn't do anything about it. Kaibigan niya si Avel ngunit hindi niya nakakalimutang may kasalanan ito. But according to his superior, that's the way the system works.

Besides, he couldn't take the risk and hurt Harriet. Ito ang babaeng minahal nang lubos ni Avel. He loved her enough to want to get out of the syndicate. But it had been too late.

Ang ihatid kay Harriet ang balitang wala na si Avel ang pinakamabigat na yatang bagay na ginawa

niya sa buong buhay niya. Mahigit isang taon pa lamang buhat nang makilala ito ng lalaki.

Dalawang beses pa lamang niyang nakita si Harriet. Una ay nang ipakilala siya ni Avel dito. Pangalawa ay nang mag-dinner siya sa bahay nito kung saan doon na rin tumutuloy si Harriet. Iyon ay bilang celebration sa nalalapit na pagiging ama ni Avel. Magpapakasal daw ang mga ito pagkapanganak ng babae. Kasabay na rin daw sa pagdating ng kapatid ng huli.

Busy siya noon sa kasong hawak kung kaya halos hindi na sila nagkakasama ni Avel. Hindi na rin nasundan pa ang pagkikita nila ni Harriet hanggang sa puntahan niya ito isang araw. Hinimatay ito nang marinig mula sa kanya ang balita. Nang muli itong magkamalay ay umiyak ito nang umiyak. Wala siyang nagawa kundi ang yakapin at payapain ito.

She was seven months pregnant now. Laking pasasalamat niya at hindi na nito kailangan pang malaman ang tunay na dahilan ng ikinamatay ni Avel. Na naging kabahagi ito ng sindikato. Iyon lang ang tanging nakita niyang mabuti sa ginawang aksyon ng department nila na huwag nang ibunyag sa media ang katotohanan. Because of that, Harriet was spared from more pain and suffering.

“Magbabayad si Avel sa ginawa niya sa akin,” narinig niyang determinadong turan ni Rodriguez. Doon huminto sa paglalakbay ang kanyang isip. “Hindi ang kamatayan niya ang makakapagpatahimik sa akin dahil hindi na niya mararanasan ang hirap dito sa kulungan. Magbabayad siya! Sa sandaling makalabas ako sa impiyernong ito, magbabayad ang sinumang pinakamalapit kay Avel Perez!

“At ikaw ang isusunod ko, Beltran. Hindi ako makakapayag na hindi dumating ang araw na magbabayad ka… Too bad dahil ang pamilya ni Perez ang aani ng paghihiganti ko… Bago ako mamatay ay iyon ang tanging kagustuhan ko.”

Puno ng galit at determinasyon ang ipinahayag nito sa kanya. Ngunit hindi siya natinag dito. Sinalubong niya ang mga mata nito.

“Magagawa mo ang lang paghihiganti kung makakalabas ka dito,” puno ng pang-iinsultong turan ni Romano pagkatapos ay tumayo na. “Oh, in case na hindi mo alam, ulilang lubos na si Avel kaya hindi mo magagawa ang gusto mong gawin sa pamilya niya.” Tumalikod na siya pagkaraan at naglakad palayo.

“Beltran!” narinig niyang tawag ni Rodriguez.

Huminto siya at nilingon ito.

"Maaaring tama ka, pero hindi lingid sa akin ang tungkol sa nobya ni Perez. Nakita ko silang magkasama minsan. And the lady is pregnant. Siguradong malapit nang manganak ang babaeng iyon. Harriet, tama ba? Harriet ang pangalan ng pinakamamamahal ni Perez, hindi ba?"

# 2

Nagpakawala si Halley ng malalim na buntong-hininga nang pumasok siya sa kanyang silid. Tinanggal niya ang balat ng hawak na lollipop. Nate-tense na naman siya. At kapag ganoon ang kanyang nararamdaman ay kailangan niya ng lollipop, her favorite candy. Pareho nilang favorite iyon ni Harriet. Nakalakhan na nila ang pagkahilig sa lollipop. Iyon lang kasi ang candy na kayang bilhin ng parents nila noon para sa kanila.

Napaupo siya sa swivel chair na nasa harap ng computer table. Nakapatong doon ang kanyang personal computer. Iyon ang ginagamit niya sa pagsusulat ng children's stories. Sa murang edad niya ay natuklasan na niya na malawak ang kanyang imahinasyon at sadyang malikhain siya pagdating sa pagsusulat ng fantasy. Iyon ang naging dahilan kung bakit napabilang siya sa larangan ng pagsusulat ng mga kuwentong pambata.

Nakapagtapos siya sa kursong Banking and Finance sa bayan nila sa Quezon. Nakapagtapos siya sa kabila ng kakulangan ng pera dahil sa pagpupursige ng kapatid niya. Ito ang lumuwas ng

Maynila at nagtrabaho at siyang nagpaaral sa kanya. Kulang na kulang kasi ang kinikita ng tatay nila sa pagsasaka sa maliit na lupa nila. Mahirap lamang ang kanilang pamilya.

Kinalimutan ni Harriet ang sarili at itinaguyod nito ang kanyang pag-aaral. Kung anu-anong trabaho ang pinasok nito—mula sa pagiging saleslady, factory worker, ahente ng lupa at kung anu-ano pa. Pinakahuli nitong naging trabaho ay ang pagiging call center agent.

Nagtatrabaho na si Halley bilang teller sa bangko sa bayan nila nang halos magkasunod na namatay ang kanilang mga magulang. Sakit sa puso ang ikinamatay ng tatay niya. Ayon naman sa mga doktor ay komplikasyon daw sa kidney ang ikinamatay ng kanyang ina. Ngunit sa puso niya ay alam niyang labis na lungkot dulot ng pagkamatay ng kanyang ama ang dahilan kung bakit unti-unting nanghina ang katawan ng biyuda.

Hinikayat siya ni Harriet noon na sa Maynila na lamang magtrabaho para magkasama na sila ngunit tumanggi siya. Nais niyang manatili sa bayang kinalakhan. Ayaw kasi niyang iwan ang maliit na lupa at bahay nila roon. Ayaw rin niyang iwan ang mga alaala ng kanyang masayang pamilya sa lugar

na iyon.

Ngunit ngayon ay naninirahan na siya sa lungsod ng Maynila. Lumipat siya roon tatlong taon na ang nakakaraan upang suportahan at damayan si Harriet sa pighating pinagdaraanan nito dulot ng pagkamatay ng kasintahan nito na si Avel. Lalo pa at nagdadalang-tao ito noon sa mga pamangkin niyang sina Andro at Andrea.

Katulad nila ni Harriet ay kambal din ang mga anak nito. Ang kaibahan nga lamang ay fraternal twins ang mga ito samantalang identical twins sila ni Harriet. Magtatatlong taon na ang mga ito at mula nang mamatay si Harriet dahil sa panganganak ay siya na ang tumayong nag-iisang magulang ng mga ito.

Ni hindi siya noon makapag-concentrate sa pagluluksa at pagdadalamhati sa pagkamatay ng kakambal dahil may dalawang batang higit na nangangailangan ng kanyang lakas at tapang. Pakiramdam niya ay naulit ang nangyari sa kanyang ina sa kaso ni Harriet. Matapos mailibing noon si Avel ay tila ba nawalan na rin ng ganang mabuhay pa ang kanyang kakambal.

*"Halley, bakit? Bakit kailangang kunin sa akin si Avel? Bakit kailangan niyang mawala ngayong*

*nakapagsimula na kaming bumuo ng pamilya? Hindi ko na kaya, Halley… Hirap na hirap na ako…” umiiyak at puno ng pagdurusang hinaing ni Harriet noon sa kanya.*

*“Harriet, nandito pa ako. Hindi kita pababayaan. Katulad ng dati, magtutulungan tayo… Ako naman ang aalalay sa ’yo ngayon… Lumaban ka, please… Kahit hindi na para sa akin, kahit hindi na para sa sarili mo. Para na lang sa anak mo… Please, Harriet….”*

Hindi namalayan ni Halley na lumuluha na pala siya nang maalala ang naging pag-uusap nilang iyon ng kapatid. Kahit nakikita niya ang labis na lungkot at pighati sa mga mata nito sa bawat araw ay alam niyang pinilit nitong magpatuloy. Ngunit tulad ng kanilang ina, sa puso niya ay alam niyang nang makakita ng pagkakataon si Harriet na tuluyan nang bumitaw upang makasama si Avel, ay hindi na ito nagdalawang-isip pa. She knew it in her heart that Harriet didn’t try to put up a fight for her life after giving birth to her twins.

She just knew it. Kambal sila ni Harriet at kakaiba ang ugnayan nilang dalawa. Kaya alam niya. Kung paanong alam niya rin nang tuluyan itong magpaalam sa kanya.

Nasa labas siya noon ng delivery room at nakaupo sa isa sa mga silyang nakahilera roon. Ilang oras na ring nasa loob ng silid na iyon ang kapatid. Nakaramdam siya ng pagod kung kaya ipinikit niya ang kanyang mga mata. Pagkatapos niyon ay naramdaman niyang tila may dumaang malamig na hangin sa kanya. Then, she heard Harriet's voice.

*"Forgive me, Halley… I have to go now… Please understand. Hindi ko na kaya... Ikaw na ang bahala sa mga anak ko… Goodbye, Halley…"*

She knew it was Harriet. And she knew right there and then that her twin sister was already gone. Naramdaman niya ang pamamaalam nito sa kanya. They had that special connection. Kahit noong mga bata pa sila ay extra sensitive na sila sa nararamdaman ng bawat isa. Maybe because they were twins.

Katulad na lamang kapag masakit ang ngipin ni Harriet, nararamdaman din niya iyon. Katulad nang mahalikan ito sa unang pagkakataon ng first boyfriend nito noong high school sila. Pagkauwi nito sa bahay ay sinabi niyang nahalikan na ito bago pa man nito maikuwento iyon sa kanya. They had that kind of bonding.

Kaya naman naramdaman ni Halley nang

magpaalam sa kanya ang kapatid. Nang magmulat siya ng mga mata pagkatapos niyang marinig sa isip ang tinig nito ay lumuluha na siya. Bago pa man lumabas ang doktor upang ipaalam sa kanyang wala na ang kakambal ay alam na niya ang tungkol doon. She knew exactly when Harriet had passed away. She felt it. She felt it when her heart stopped beating. She felt it when her sister breathed her last.

Ayon sa doktor ay nakangiti pa si Harriet habang pinagmamasdan ang mga anak nito. Then she was gone. And Halley became the instant mother of twins.

Mabuti na lamang at kasama niya ang kasambahay nina Harriet at Avel na si Manang Loida. Sila ang magkatulong na nag-alaga sa kambal. Sila na ang itinuring na pamilya ng mga ito. Bukod doon ay tumutulong din ang matalik na kaibigan ni Avel na si Roman. Isang taon ding madalas na dumadalaw-dalaw sa kanila ang lalaki at nagbibigay ng pera. Mga sanggol pa noon sina Andro at Andrea.

Ngunit hindi na niya muli pang nakita ang binata buhat nang ma-assign daw ito sa isa na namang delikadong trabaho. Iyon lamang ang sinabi sa kanya ng kasamahan nitong agent na si Gener Manzano na siya ring nag-aabot sa kanila ng tulong na ibinibigay

ni Roman sa kabila ng hindi nito pagpapakita. Ngunit isang taon na rin buhat nang mahinto ang pagpapadala ni Roman ng financial support.

Ang huling balita sa kanya ni Manzano ay nawalan umano ng komunikasyon ang departamento sa binata. Napilit niya ang agent na sabihin sa kanya kung nasaan ba talaga si Roman. Hindi niya kasi mapigilan ang sariling mag-alala sa binata. At nalaman nga niyang kasalukuyan iyong undercover. Hindi na niya napilit pa si Manzano na magbigay pa ng ibang impormasyon.

Huminto siya saglit at umusal ng maikling panalangin para sa kaligtasan ni Roman. Nasanay na siya sa presence nito sa loob ng isang taon buhat nang mawala si Harriet. At nang bigla na lamang itong mawala ay tila hinahanap-hanap niya ito. Hindi naman iyon kataka-taka dahil parehong mahalaga sa kanila ang kambal.

LUMAKING MASIGLA si Andro ngunit si Andrea ay sakitin mula pa nang isilang ito. Nailabas na niya noon si Andro sa ospital ay naroon pa rin ito. Mahina ang pulmon ni Andrea na dinala nito hanggang ngayong tatlong taong gulang na ito. Madali itong mapagod at kapag napagod ay hinahabol nito ang

paghinga. Madalas ay dinadala niya ito sa ospital. Kaya naman ingat na ingat siya rito. Iyon din ang dahilan kung kaya nag-resign na lamang siya sa bangkong pinagtatrabahuhan. Doon pumasok ang pagsusulat sa buhay niya.

Sa pagsusulat ay nasa bahay lamang siya at natitingnan niya nang maayos ang mga pamangkin lalung-lalo na si Andrea. Ngunit ganoon pa man ay kapos pa rin ang kinikita niya para sa mga gastusin lalo pa't alaga sa gamot ang pamangking babae.

Ngayon nga ay namomroblema siya sa hawak na mga listahan ng bills na dapat niyang bayaran. Mabuti na lamang at wala silang binabayarang upa ng bahay dahil ang bahay na tinitirhan nila ay bahay ni Avel.

Nag-aalala siyang baka maputulan na sila ng kuryente bago pa man siya makasingil sa sinusulat niyang children's story. Si Manang Loida na nag-iisa na rin sa buhay ay para nang nanay ang turing niya. Hindi na ito tumatanggap ng suweldo mula sa kanya. Bagkus ay tumutulong pa ito sa paghahanap ng dagdag na mapagkakakitaan. Ito ang nagmungkahi sa kanya na gumawa sila ng tocino, embutido, longganisa, atsara at iba pang puwede nilang ibenta. At kanina ay binigyan siya nito ng ideyang paupahan

nila ang isang bakanteng silid sa bahay na iyon. Tatlo kasi ang silid sa bungalow na kanilang tinitirhan.

Ngayong kapos talaga siya ay nagpasya siyang sundin ang sinabi ni Manang Loida. Bukas na bukas ay maglalagay siya sa labas ng karatulang 'room for rent.' Muli siyang napabuntong-hininga. Tumayo na siya at niligpit ang mga bills. Pinatay niya ang ilaw. Katabi niya sa pagtulog sina Andro at Andrea. Hinalikan niya ang mga pamangkin sa noo. Mahal na mahal niya ang mga ito. Sa mga ito lamang umiikot ang buhay niya.

Tumulo ang luha ni Halley nang maalala ang kakambal. Ni sa hinagap ay hindi pumasok sa isip niyang tatanda siyang hindi ito kasama. Na mawawala ito nang ganoon kaaga.

*Harriet, sana nandito ka… Mas magiging maayos sana kung nandito ka. Nakikita mo ba ang mga anak mo? Napakagaganda nila. At ipinapangako kong gagawin ko ang lahat para mapaganda ang buhay nila… Pangako 'yan, Harriet*, piping kausap niya sa kapatid.

Lihim ding naihiling ng puso niya na sana ay mabuti ang kalagayan ng taong siyang naging dahilan kung bakit nakaya niya ang pagtataguyod sa mga pamangkin sa unang taon ng mga ito. Ang

lalaking nagpahiram sa kanya ng tapang at lakas sa mga panahong mahinang-mahina ang katawan noon ni Andrea.

*Roman, kung nasaan ka man ngayon, sana lagi kang ligtas. Don't dare die! Please stay alive....*

PARAISO INN...

*"Bartolome Rodriguez, malaya ka na!"*

Ang mga katagang iyon ang gusto niyang paulit-ulit na isigaw. Pagkaraan ng tatlong taon ay nagawa rin niyang makatakas sa impiyerno. Kung inaakala ng lahat na mamamatay siya sa lugar na iyon ay nagkamali sila. Ibahin nila si 'Pilat.'

Kasalukuyan siyang nakahiga sa kama at katabi ang matagal na niyang live-in partner na si Agnes. Hindi siya iniwan ng babae kahit tatlong taon siyang nakakulong sa New Bilibid Prison sa Muntinlupa. Ngunit hindi siya gago para sabihing pagmamahal ang nagtulak dito upang manatiling nakadikit sa kanya. Ang pera niya na iniwan sa pangangalaga nito ang dahilan. Hindi siya nagawang onsehin ni Agnes dahil may takot ito sa kanya. Kilala siya nito. At alam nitong walang nakatakas sa mga taong nanggago sa kanya.

Pagkaraan ng mapusok na pagtatalik ay tulog na si Agnes. Samantalang siya ay gising na gising pa rin. Nagkita sila ng babae sa isang motel sa isang probinsya. Ito ang nagdala ng damit at pera sa kanya.

Muli siyang napangisi nang maisip na natakasan niya ang mga gunggong na pulis. Pagkaraan ng tatlong taong pagpaplano ay naisakatuparan niya ang pagtakas. Kasama ang apat pang inmates ay pinagplanuhan nilang mabuti ang gagawing pagtakas. Ipinain nila ang isa pang kasama nila upang magsimula ang matinding rambulan. Habang nagkakagulo ay maingat silang nagpunta sa lugar kung saan matagal na nilang itinatago ang butas na kanilang lulusutan sa pagtakas.

Nabaril ng mga pulis ang dalawa nilang kasama at dalawa silang matagumpay na nakatakas. Naghiwalay sila ng landas ng kasama niyang si Gaston. Kung hindi pa niya nagawang makatakas ay alam niyang mabubulok lamang siya sa bilangguan at hindi niya maisasakatuparan ang nais gawin.

May kailangan muna siyang balikan at tapusin. Hindi niya palalampasin ang pagkakataong makapaghiganti sa dalawang taong siyang naging dahilan kung bakit napunta siya sa impiyerno sa loob ng tatlong mahahabang taon. Lalong lumalaki

ang galit niya kina Avel at Romano. Pasalamat ang Avel na iyon at patay na ito. Ngunit titiyakin niyang hihilingin nitong sana ay buhay pa ito sa klase ng paghihiganting gagawin niya sa mahal nito sa buhay.

At si Romano? Ito ang isusunod niya. O mas magandang masaksihan nito ang gagawin niya sa pamilya ng kaibigan nito bago niya ito patayin.

*Payback time*, aniya sa isip.

# 3

He had heard the news of the prison break all the way from Davao. The story shocked and rattled him. Bago pa niya matanto nang lubusan kung ano ang ginawa ay nakita na lamang niya ang sariling nakasakay sa loob ng eroplano pabalik ng Maynila.

Tatlong linggo pa lamang buhat nang makauwi si Romano sa Davao. Iyon ay matapos siyang mai-transfer sa ospital doon sa kagustuhan ng abuelo at abuela niya. Nangyari iyon matapos siyang ideklarang stable na ang kondisyon. Hindi na kasi maaari pang bumiyahe nang malayo ng lola niya kung kaya hinintay na lamang siya nito sa Davao. Tanging ang abuelo niya ang lumuwas nang matanggap nito ang balitang fifty-fifty ang buhay niya. Isang linggo pa ang inilagi niya sa ospital sa Davao. At dalawang linggo na rin siyang nagpapalakas sa farm nila roon. Ulila na siya at ang dalawang matanda ang nagpalaki sa kanya.

Dalawang taon siyang nag-undercover sa isang malaking sindikato ng illegal na droga. At nang bumagsak iyon ay naiwan naman siyang agaw-buhay sa engkuwentro. Tatlong araw siyang comatose dahil

sa napakaraming dugong nawala sa kanya. Ngunit naligtasan pa rin niya ang panibagong pagsubok na iyon. Honestly, he didn't believe he was going to make it.

At habang pawala ang kanyang ulirat matapos ang engkuwentro, ang kaalamang hindi siya nakapagpaalam kay Halley ang pumupuno sa kanyang isipan. Ang kaalamang hindi na niya maipagpapatuloy pa ang naipangako kay Avel na pagbabantay sa mga anak nito ang halos dumurog sa kanyang puso. At habang nasa coma siya ay tanging ang nakangiting mukha ni Halley ang dahilan kung bakit hindi siya makabitaw-bitaw. It's as if the woman wouldn't let him die.

Tila narinig pa nga niya ang tinig nito. *Roman, don't you dare die! Stay alive!* Ang mga katagang iyon ang tila paulit-ulit niyang narinig na sinasabi sa kanya ng dalaga.

At ngayon ay kasalukuyan siyang nasa loob ng kanyang kotse na nakahinto, isang bahay mula sa bahay ni Avel. Pangatlong balik na niya iyon. Pinakikiramdaman niya kung ano ang sitwasyon. Nakita na rin niya si Halley at ang kambal. Sa kabila ng payo ng lolo at lola niya ay bumalik pa rin siya ng Maynila upang siguruhin ang kaligtasan nina Halley,

Andro, Andrea at Manang Loida.

Iyon ang ipinangako niya sa puntod nina Avel at Harriet. Sa isang banda ay sinisisi niya ang sarili sa pagkamatay ng kaibigan. Dahil ni hindi niya naramdamang nakalubog na pala sa isang malaking gulo si Avel. He should have seen the signs. Well, he had seen it, all right. But he dismissed it. Sa tuwing magkikita sila ni Avel bago ito mamatay ay tila ba balisa ito. Na para bang may gusto itong sabihin sa kanya na hindi niya mawari.

Hindi ba't tinawagan pa siya nito isang gabi? He said he wanted a new life with Harriet. That he wanted to start anew. Na natatakot daw ito. Natatakot itong hindi maging karapat-dapat sa babaeng minamahal.

*"Man, Harriet is as head over heels in love with you. I saw it in her eyes the first time I met her. You don't have anything to worry about, pare,"* natatandaan pa niyang sinabi niya noon sa kaibigan.

Pagkatapos niyon ay sinabi ni Avel na kung puwede raw ba silang mag-usap. Iyong silang dalawa lang. Gusto nitong lumabas sila at mag-inuman. Mayroon lang daw itong gustong ikonsulta sa kanya. He felt then that something was not right. Ngunit ipinagwalang-bahala niya ang kutob niyang

iyon.

Busy siya sa kasong hawak niya noon. Ang kaso ni Rodriguez. Kaya ang naipangako niyang paglabas at pag-uusap nila noon kay Avel ay na-postpone nang na-postpone. He was obsessed with the case.

And now he realized his friend had been reaching out to him. He had been crying for help. His help.

But he hadn't heard. Ang buong panahon at atensyon niya ay nasa hawak na kaso. Hanggang sa nalaman niya na kasangkot pala ito sa sindikatong matagal niyang tinuligsa. And it was too late for him to save his friend. And that burden was too much to bear. He felt guilty because he was not able to save Avel. He felt guilty because he died. He felt guilty that Harriet was left alone to raise their kids. That guilt deepened when the woman died.

At ngayong nabalitaan niya ang tungkol sa pagkakatakas ni Bartolome Rodriguez ay hindi maaaring hayaan niyang nag-iisa si Halley at ang kambal. Hindi pa niya nakakalimutan ang banta noon ng kriminal na iyon.

Nakipag-coordinate na si Romano sa opisina nila tungkol sa kaso. Hindi niya alam kung kailan magpapakita si Rodriguez. Hindi siya makakapayag

na makanti man lang ng kriminal na iyon ang pamilya ni Avel. Kailangan ng mga ito ng proteksyon at siya ang magbibigay niyon.

Kahit si Halley ay walang alam sa tunay na nangyari sa namayapang katipan ng kapatid nito. At hindi rin niya alam kung paano ipapaliwanag ang nagbabantang panganib sa buhay ng mga ito. Mas mapoprotektahan niyang mabuti ang mga tao sa bahay ni Avel kung magkakasama sila sa iisang bubong. With that thought in mind, he got out of the car. Naglakad siya palapit sa gate ng bahay ng kaibigan.

Napakunot-noo siya nang makitang may nakapaskil na karatula roon, *'Room For Rent'*. Pinindot niya ang buzzer. Ilang sandali pa'y lumabas si Halley. Nakasuot ito ng housedress na walang manggas. Nakatali ang buhok nito ngunit ilang hibla na niyon ang kumawala sa pagkakaipit. Walang nakalagay na kahit na anong kolorete sa mukha nito. Ni pulbo ay wala. Ngunit tila ba napakaganda pa rin nitong tingnan. Parang hindi niya magawang tanggalin ang mga mata sa pagkakatitig sa mukha nito. Habang pinagmamasdan niya itong palapit ay tila lalo siyang nababatubalani.

"Magandang araw po," narinig niyang turan ni

Halley. Nanatili siyang nakatingin sa mukha nito. "Sino ho sila at ano ho'ng kailangan ninyo?"

Nalipat ang tingin niya sa mga labi nitong walang bahid ng lipstick ngunit natural na mamula-mula iyon.

"Tungkol ho ba sa room for rent?" narinig niyang muling sabi ni Halley. "Sorry ho. Pero babaeng boarder lang ang tinatanggap namin."

"W-what—" Natigilan siya nang lubusang mag-sink in sa isip niya ang mga sinabi nito. At saka pa lamang niya napunang tila hindi siya nito nakilala. Kung kausapin siya nito ay tila ba isa siyang estranghero. Hindi ito masyadong tumitingin sa kanya dahil abala ito kina Andro at Andrea na nakasunod dito. Dalawang taon na rin buhat nang huli niyang makita ang mga bata. Malalaki na ang mga ito at cute na cute.

Gusto niyang matawa dahil hindi siya nakilala ni Halley. Hindi niya ito masisisi dahil ibang-iba na ang hitsura niya mula nang huli silang magkita. Hindi na mahaba ang buhok niya. Dati ay hanggang balikat ang buhok niya at may bigote at balbas siya. Kailangan niya ang appearance na iyon para sa undercover assignments niya. Ngunit ngayon ay malinis na malinis na ang kanyang mukha. Clean-

cut ang gupit niya. At alam din niyang malaki ang ipinayat niya.

Bago pa siya makapagsalita ay natuon na ang atensyon nito sa dalawang lalaking lumapit. Base sa suot ng mga iyon na uniporme ay empleyado ang mga ito ng *Meralco*. Kaya naman lalong nawala ang atensyon ng dalaga sa kanya.

"Magandang araw, Misis," bati ng isa sa dalawang lalaki. "Magpuputol ho kami ng kuryente ninyo. Kung mababayaran ninyo ang bill ninyo ay agad din naman ho namin iyong maikakabit."

Nakita niya ang pag-aalala sa mukha ni Halley. "Hindi ho ba puwedeng makiusap na muna? Bukas ho kapag hindi pa ako nakabayad, eh, saka ninyo na lang putulan ang kuryente ko. Please naman ho…" pakiusap nito.

Nakita ni Romano na iniwasan nitong mapatingin man lang sa gawi niya. At alam niya kung bakit. Nahihiya ito sa kanya.

"Eh, pasensya na ho, kailangan ho naming gawin ang trabaho namin. Nakalagay ho kasi dito sa listahan namin na isa kayo sa mapuputulan," anang lalaki na taga-*Meralco*.

"Eh…" ani Halley pagkatapos ay napatingin

na sa kanya. “Teka lang ho,” anitong lumabas ng gate. Hinawakan siya nito sa braso at bahagyang inilayo. “Mama, balak ninyo bang umupa sana?” mahinang tanong nito sa kanya. Hindi pa rin siya nito nakikilala.

“Kung gusto ho talaga ninyong umupa, eh, okay na ho. Ang kailangang bayad ay one month advance at one month deposit. Tatlong libo iyong kuwarto. Kaya mo ba?” sunud-sunod na nitong turan.

“Ha? Uhm... yeah… Sure,” nasabi na lamang niya.

“Kailangan ko na iyong bayad,” anitong umiiwas ng tingin sa kanyang mukha at patingin-tingin sa mga lalaking taga-*Meralco*.

Kinuha ng binata ang wallet at naglabas siya ng anim na libo at iniabot iyon kay Halley. Mabuti na lamang at may ganoon siyang cash.

“Okay, thank you. Sandali lang, ha,” anito pagkatapos ay binalingan ang dalawang *Meralco* employees. “Mga mamang pogi, makakabayad na ho ako ngayon mismo. Kaya huwag ninyo na akong putulan, please. Ngayon din ho.” Bago pa makahuma ang dalawang lalaki ay tinawag na ng babae si Manang Loida. Pahangos namang lumabas

ang matanda.

Kinausap ito ni Halley at pinakiusapang magbayad muna ng kuryente. Kaagad namang umalis si Manang Loida nang hindi napapansin si Romano.

Binalingan ng babae ang dalawang lalaki. “Nakita n’yo na ho, mga mama, pumunta na ho ang kasama ko sa bayad center para magbayad. Daanan na lang ninyo iyong resibo mamaya para ma-check ninyo. Huwag na ho ninyo akong putulan para hindi na kayo mapagod mamaya na magkabit ulit. Sige na ho,” pagsusumamo pa nito.

Hindi niya mapigilang lihim na mapangiti. Ibang-iba talaga ang personality ng dalaga sa yumao nitong kakambal. Si Harriet ay mahiyain at may pagkakimi. Malinaw pa sa alaala niya ang una nilang pagkikita ni Halley. Napagkamalan niya itong si Harriet. Iyon ay nangyari sa burol ni Avel. Nakainom siya noon at dere-derechong nilapitan ang babae sa pag-aakalang ito si Harriet. Masamang-masama ang loob niya noon sa pagkamatay ng kaibigan. Umiiyak na niyakap niya ito at paulit-ulit na humingi ng tawad dito. Para lamang malaman na hindi pala ito si Harriet kundi ang kakambal nito.

*“Gusto mo ng kape?” ani Halley nang*

*mahimasmasan siya at malaman niyang hindi ito si Harriet.*

*Umiling siya. Hindi pa rin niya lubos-maisip na kakambal ni Harriet ang kaharap niya. Nasaksihan nito ang pinakamababang estado ng kanyang emosyon. Ni hindi siya makatingin sa mga mata nito. Nagulat na lamang siya nang may iniabot ito sa kanya. Napakunot-noo siya nang makita iyon.*

*"What's that?" aniya habang nakatingin sa hawak nito.*

*"Lollipop," anito. "Hindi ka pa ba nakakakita niyan?" Doon niya unang nasilayan ang pilyang personalidad nito. Sa pagkakatingin nito sa kanya ay tila ba hindi nito malaman kung pagtatawanan siya o ano.*

*"Para saan 'yan?" aniya.*

*"Ayaw mo kasi ng kape," anito. "Kaya lollipop na lang ang inaabot ko sa 'yo. 'Yan lang kasi ang nasa bulsa ko. Baka matanggal niyan ang hangover mo."*

Hanggang ngayon kapag naaalala niya ang unang paghaharap nilang iyon ay napapangiti siya.

"Naku, sige na ho, Mama," narinig niyang kumbinsi pa ni Halley sa mga taga-*Meralco*. "Maawa

naman na kayo sa mga anak ko. Maiinitan sila pag hindi magagamit ang electric fan," turo pa nito sa kambal nitong anak.

Ngumiti naman ang dalawang bata sa dalawang mama na para bang naiintindihan ang nangyayari.

"O sige, Misis, pagbibigyan ho namin kayo. Basta iwasan na lang ho natin ang pumalya sa pagbabayad ng kuryente, ano ho?" kakamut-kamot ang ulong saad ng isa sa dalawang lalaki bago umalis ang mga ito.

Nakita niyang nakahinga nang maluwag si Halley. Nang magawi ang tingin nito sa kanya ay tila noon pa lamang nito naalalang naroon siya.

"Ay, naku! Pasensya ka na," anito. "Eh… nahuli kasi sa pagbabayad. Kaya tuloy kahit wala naman akong balak na tumanggap ng lalaking boarder, eh, tinanggap na rin kita. Halika, p'asok ka…"

Pinauna siya nitong pumasok. Sinara nito ang gate at hinawakan sa magkabilang kamay sina Andro at Andrea.

"Teka lang," anito. "Ano nga pala'ng pangalan mo? Ano'ng trabaho mo? Taga-saan ka ba? Wala ka bang criminal record? Kung hindi ko lang talaga kailangan, eh, hindi kita tatanggapin, eh," tuluy-

tuloy na turan ni Halley.

Naglalakad na sila palapit sa bahay nang bigla itong huminto. Pinagmasdan siya nito mula ulo hanggang paa at pabalik. At nakita niyang bigla itong natigilan. Napatitig ito sa mga mata niya. Kumunot ang noo nito.

"T-teka…" anitong napaawang ang mga labi, hindi inaalis ang mga mata sa kanya. "R-Romano?" pagkaraan ay sabi nito. "Ikaw ba 'yan?"

"Akala ko nakalimutan mo na ako, Halley," nakangising tugon niya. "You really know how to bruise a man's ego. Tsk, tsk, tsk! Gan'un lang pala kahina ang dating ko sa 'yo. To think that it's only been two years…"

Ganoon na lamang ang gulat niya nang makitang nangilid ang luha sa mga mata ng dalaga at walang sali-salitang yumakap ito sa kanya nang mahigpit. Sa kabila ng pagkabigla ay nagawa niyang marahang hagurin ang likod nito.

"Y-you're alive…" anito. Dama niya ang bahagyang panginginig ng katawan nito. "God, akala ko… akala ko kung ano na'ng nangyari sa 'yo…"

"I'm okay now, Halley. I'm here now…" masuyong saad niya habang yakap ito. Sa lahat ng

klase ng pag-welcome na natanggap niya sa buong buhay niya ay iyon na yata ang pinakamaganda at pinakamasayang pagtanggap na naranasan niya.

He had never seen a person so glad to see him. Bukod siyempre sa lolo at lola niya. Ang naging reaksyon na iyon ni Halley ay tumagos sa kanyang puso. Lalo pa niyang hinigpitan ang pagkakayakap dito. How he had missed this woman!

"Mommy, who's that man?" narinig nilang tanong ni Andrea. At doon pa lamang nila tila naalalang naroon nga pala ang kambal.

Tila biglang natauhan na mabilis na kumalas sa pagkakayakap sa kanya ang dalaga. Nang mapagmasdan niya ang mukha nito ay namumula iyon nang husto; hiyang-hiya ito. Hindi ito makatingin nang derecho sa kanya. How he wanted to kiss her right there and then!

# 4

"Kumusta ka na, Roman?" tanong ni Manang Loida sa lalaking matagal nilang hindi nakita. Kasalukuyang kausap nito si Halley sa sala nang bumalik ang matanda mula sa pagbabayad ng kuryente. Nandoon din ang kambal. Naipaghanda na niya ng merienda ang kaibigan ni Avel. Matapos niyang ma-realize na si Romano pala ang kaharap niya at ang siningil niya ng anim na libong piso kanina ay hindi na siya makatingin pa nang derecho rito. Lalo pa kapag naaalala niya ang naging eksena nila. O mas tamang sabihing 'naging eksena niya.' Bigla na lamang siyang naluha at niyakap ito nang buong higpit na para bang asawa niya ito na matagal niyang hindi nakita. Na para bang may karapatan siyang umakto nang ganoon! Nakakahiya!

"Mabuti naman ho, Manang," narinig niyang sagot ng binata. Malaki ang ipinagbago nito. Moreno pa rin ang kulay ng balat nito ngunit hindi na mahaba ang buhok. Wala na rin itong bigote at balbas. Neat na neat itong tingnan ngayon. Bumata ito sa tingin niya.

This man was ruggedly handsome in his new

look. Hindi naman malaki ang katawan nito; tama lang iyon. Nakasuot ito ng puting polo shirt sa ilalim ng itim na jacket at kupas na maong pants.

Siguradong walang kahit na sinong babae ang hindi mapapatitig o mapapalingon man lang kapag nakita itong dumaraan. Hindi nga ba't napahinto pa siya kanina upang tingnang mabuti ang kabuuan nito? Sa hitsura ni Romano ay tila ba napakarami na nitong mga pinagdaanang labanan at sakit sa buhay. Na ang nakikita niyang pagiging tila astig sa personality nito ay dulot ng mga bagay na naranasan nito. At ang mga mata nito... tila ba hindi panatag ang mga iyon. Tila kung pagmamasdang mabuti ay mailap ang mga iyon at palaging guarded.

Dahil sa mabusising pag-aaral niya sa lalaking nakaupo sa katapat ng kinauupuan niyang single-seater sofa ay hindi niya namalayang nakatingin na pala ito sa kanya.

Napansin niyang nakatingin din sa kanya si Manang Loida. Tila naghihintay ang mga ito ng isasagot niya. Ngunit wala siyang narinig na anumang tanong. Ni hindi na nga niya nasundan ang naging pag-uusap ng mga ito.

"P-pasensya na," hinging-paumanhin niya habang hindi lubos na masalubong ang tingin ni

Roman. “May… may tinatanong ka ba?” tanong niya rito.

“Humihingi ako ng paumanhin dahil matagal akong hindi nakadalaw. Ni hindi man lang ako nakapagpaalam sa inyo. Naging agaran kasi ang assignment na naatang sa akin,” anito habang nakatingin sa kanya.

Masuyo pa nitong hinaplos ang braso ni Andro na kandong nito. Mukhang nagustuhan talaga ito ng pamangkin dahil mula kaninang humawak iyon sa kamay ni Roman ay hindi na humiwalay rito. At ngayon nga ay natutuwa pa ang paslit habang nakakandong sa binata.

“Natanggap namin ang mga tulong na ipinaaabot mo kay Gener,” tukoy niya sa kasama nitong si Manzano. “Nagtaka lang kami nang kahit sina Gener ay mawalan ng balita sa ’yo. N-nag-alala kami ni Manang Loida.”

“Oo nga naman, Roman,” sang-ayon ng matanda. “Talagang nag-alala kami nang bigla na lamang kaming nawalan ng balita sa ’yo. May mga pagkakataon ngang mapapahinto itong si Halley. Pakiramdam raw niya ay parang nasa panganib ka. Kung alam mo lang kung paano siyang nag-alala din sa ’yo,” kaswal na pagkukuwento nito.

Hindi alam ni Manang Loida na lalong nadagdagan ang kahihiyang nararamdaman ng dalaga dahil sa sinabi nitong iyon kay Roman. Nang mapatingin siya sa gawi ng binata ay nakita niyang hindi nito inaalis ang tingin sa kanya. Tila pa nga nakangiti ang mga mata nito. At tila nanunukso pa!

"Mga apo, Andrea, Andro, nakita n'yo na ulit ang Tito Roman ninyo. Siya ang kaibigan ng daddy ninyo," sabi ni Manang Loida sa mga bata.

Dahil sa matinding pagkapahiyang naramdaman ni Halley kanina, nakalimutan niya tuloy ipakilala ang mga pamangkin sa binata. Nakita niyang nag-angat ng tingin si Andro kay Roman. Malawak ang ngiti ng batang lalaki.

"Tito Roman, ikaw po 'yong tito namin na nagbibigay ng gifts sa amin ni Andrea?" nagniningning ang mga matang tanong nito sa binata.

Masuyong ginulo ni Roman ang buhok ng paslit. "Ako nga, Andro. At sorry kung ngayon ko lang ulit kayo nadalaw, ha? Hindi bale, mula ngayon ay babawi na ang Tito Roman sa inyo."

"Sabi ni Mommy Halley, ikaw daw ang Santa Claus na nagbibigay sa amin ng gifts ni Andro at nagbabantay sa amin," tuwang sabi naman ni

Andrea na katabi ni Manang Loida. Bumaba pa ito ng sofa at lumapit na rin sa lalaki. "Here, Tito Roman, meet my best friend Kookai. Ito po iyong doll na ibinigay mo sa akin noong baby pa ako, sabi ni Mommy Halley," patuloy nito habang yakap ang paborito nitong manyika na pinangalanan nila.

Iyon ang naging pinakapaborito ng babaeng paslit sa lahat ng mga laruan nito.

"Nice to meet you, Kookai," nakangiting saad ng binata sa manyika ni Andrea. "Maganda rin pala si Kookai katulad mo…"

Hindi na nagulat pa si Halley sa pagiging magiliw at masuyo si Romano sa mga pamangkin niya. Kahit noon pang mga sanggol ang kambal ay ganoon na ito sa dalawa. At sina Andro at Andrea, palibhasa ay sabik sa ama, naging magaan kaagad ang pagtanggap at pakiramdam ng mga ito sa binata.

"Tito Roman, pakandong din po ako," cute na cute pang request ni Andrea rito.

"By all means, my princess…" nakangiting tugon ng binata. Inangat nito ang bata at iniupo sa kandungan nito katabi si Andro.

Kaagad na nanubig ang mga mata ng dalaga nang masaksihan iyon. Kahit na palagi siyang

naroon para sa mga pamangkin ay naghahanap pa rin ang mga ito ng father image. At halatang-halata iyon dahil gustung-gusto ng mga itong kunin ang atensyon ni Roman.

Hindi pa niya alam kung ano talaga ang nangyari rito sa loob ng dalawang taon na hindi nila ito nakita. At gustung-gusto na niya iyong malaman. At sa tagong bahagi ng puso niya ay nakakaramdam siya ng pagtatampo rito. Dahil hindi man lamang nito nagawang magpaalam sa kanya. Ni hindi yata pumasok sa isipan nitong posibleng nag-aalala siya. Magkaibigan naman sila kahit na papaano.

Hindi siguro ito nag-asawa sa loob ng dalawang taong iyon. Sa isiping iyon ay kaagad na lumipad ang tingin niya sa kaliwang kamay nito. Bakit ba parang importante sa kanya ang tungkol sa bagay na iyon?

"Of course not!" mahinang bulong niya na hindi niya namalayang napalakas pala nang bahagya. Dahil nakita niyang napatingin sa kanya sina Roman at Manang Loida. "Ang sabi ko… uhm… uhm… saan ka ba naglagi sa nakaraang dalawang taon?"

"I went undercover," tugon ni Romano. Kinumpirma nito ang sinabi sa kanya ni Manzano. "I'll explain everything to you later. At may kailangan

din tayong pag-usapan, Halley. Bukod doon ay bumalik ako para… para makita kayo ni Manang Loida at ang mga bata. Balak kong bumawi sa mga bata sa mga panahong wala ako sa tabi nila."

"Naku! Mabuti naman, Roman," anang matandang babae. "Makakabuti sa mga bata na malaman nilang may tito sila sa katauhan mo. Malaki ang mapupunan mong kawalan sa kanila, hindi ba, Halley?" baling nito sa kanya.

Nakangiting tumango siya. Ngayon pa lang ay nakikita na niyang masayang-masaya ang mga pamangkin niya sa presence ng binata. Roman was the closest father image Andro and Andrea could get. At wala siyang balak na ipagkait iyon sa mga ito.

"Mabuti pa ay kumain na tayo ng tanghalian," ani Manang Loida. "Aba'y pasado alas doce na pala." Nauna na itong tumayo sa nagtungo sa kusina upang maghanda ng pagkain. Mayamaya ay bumalik ito sa sala at kinuha sina Andro at Andrea upang mauna na sa kusina.

"Halley…" narinig niyang tawag ni Roman sa kanya. Napahinto siya nang matantong may gusto itong sabihin sa kanya. Nang magtagpo ang kanilang mga mata ay noon niya lamang natanto kung gaano

niya itong na-miss. Kung gaano niya hinanap ang presence nitong nakasanayan niya sa loob ng isang taon. “I need to stay here,” anito.

“H-ha?”

“I’m asking your permission for me to stay here,” sabi nito. “Gusto ko sanang dito muna manatili nang ilang araw.”

Takang napatitig siya sa kausap. Dito pansamantala titira si Romano? tarantang tanong niya sa isip. Makakasama niya ito sa iisang bubong at araw-araw na makikita?

*Kaya mo ba iyon, Halley? O baka natatakot kang makasama sa iisang bubong ang mamang kaharap mo?* anang kontrabidang bahagi ng isip niya.

At bakit naman niya hindi makakaya iyon? Alam niyang may sariling bahay si Roman. Ngunit marahil ay gusto lamang talaga nitong mapalapit at bumawi sa mga pamangkin niya.

Matalik na kaibigan ito ni Avel. At naging kaibigan din ito ni Harriet. Bahay ni Avel ang tinitirahan nila at kung nabubuhay pa ito ay tiyak na welcome na welcome si Romano roon. At alam niyang iyon din ang gugustuhin ng kakambal niya dahil panay magagandang salita ang narinig niya

mula sa bibig nito patungkol kay Roman. At obvious naman na malapit din ito sa puso ni Manang Loida.

At higit sa lahat, sa simula pa lamang ay nakita na niyang maganda ang naging reaksyon nina Andro at Andrea sa binata. Mahalaga sa mga ito na may nakikitang father image. Maipagkakait ba niya ang mga bagay na iyon sa mga ito?

*At bukod pa roon ay ang katotohanang gusto mo rin siyang makasam*a dahil na-miss mo siya nang husto, hindi ba, Halley? singit na naman ng tinig na iyon sa kanyang isip. Hindi na siya nag-abala pang pasubalian ang tungkol doon.

"Totoo ang sinabi kong gusto kong bumawi sa mga bata, Halley. Ngunit bukod doon ay may mahalaga pa akong dahilan na kailangan mong malaman.

"A-ano iyon?"

"I'll tell you later… in private," tugon nito.

"Oh," aniyang napatangu-tango. "All right. Kung kailangan mong manatili dito ay walang problema. At makikinig ako sa isa pang dahilang sinasabi mo."

Ngumiti ito. "Salamat, Halley," anito. "It's great

to see you again."

"Yeah, same here," aniya.

Isang matamis na ngiti ang nakita niyang sumilay sa mga labi ni Roman. And she was doomed because of that smile! Mukha nga yatang tinubuan na siya ng crush sa mamang ito!